



Impormasyon

para sa mga magulang tungkol sa Elementarya o Mababang Paaralan sa Reykjavík

Obligatoryong Edukasyon

Lahat ng mga bata ay obligadong pumasok sa paaralan mula sa taon na sila ay 6 na taong gulang. Ang obligatoryong edukasyon ay binubuo ng sampung taon at pagkatapos ay maari nang mag-apply ang bata sa paaralang sekondarya at sa unibersidad matapos niyon. Halos lahat ng mga bata sa Reykjavík ay dumadalo sa [kindergarten](#) 3-4 na taon bago sila magsimula sa elementarya.

Oras ng klase

Kadalasang nagsisimula ang taong pampaaralan sa ika-20 ng Agosto hanggang sa unang linggo ng Hunyo. Ang isang taong pampaaralan ay binubuo ng 180 araw ng pagtuturo. Nagbibigay din ang mga paaralan ng kalendaryo kung saan makikita ang talatakdan at mga programa nito sa buong taon.

Magkakaibang oras nag-uumpisa ang mga paaralan pero kadalasan, ito ay mula 8-9 am at nagtatapos naman mula 2-4 pm.

Ang mga nasa una hanggang ikaapat na baitang ay may humigit-kumulang 20 oras ng klase kada linggo. Para sa mga nasa ikalima-ikapitong baitang naman ay 23 oras at sa ikawalo-ikasampung baitang ay 25 oras. Ang lahat ng ito ay naaayon sa [Pambansang Kurikulum ng Iceland, 2008](#).

Hinihikayat ang mga bata na magbaon ng masusustansyang pagkain tulad ng prutas para sa recess. Maaaring bumili din ang mga magulang ng murang pananghalian para sa anak. [Tingnan dito](#).

Saang paaralan maaaring pumasok ang aking anak?

May prioridad ang mga bata na makapasok sa paaralan ng kanilang distrito at makatanggap ng angkop na edukasyon. Maaaring mag-apply din ang mga magulang sa pararalan ng ibang distrito o pribadong paaralan para sa anak. Tingnan dito ang impormasyon tungkol sa mga [paaralan](#).


Programang pagkatapos ng eskwela

Pagkatapos ng klase at sa mga araw na sarado ang paaralan ay may programang alok para sa mga bata mula 6-9 taong gulang sa mga Sentro ng Aliwang Pambata o [Frístundaheimili](#). Ang *Frístundaheimili* ay kadalasang nasa loob mismo ng paaralan pero ang iba ay nasa kalapit na gusali. Bukas ang mga ito hanggang 5:15 pm. Tungkulin ng programa na mag-handog ng makabuluhang mga aktibidades na nagbibigay-daan para makasali ang mga bata sa iba't-ibang mga proyekto at paksa. Nagbabayad ang mga magulang para sa serbisyong ito.

Para naman sa kabataan mula 10-16 taong gulang ang programa sa mga Youth center o [félagsmiðstöð](#). Ligtas na lugar ito na kung saan maaaring manatili at magsama-sama ang mga bata sa iba't-ibang mga gawain at kaganapan.

Layunin ng *frístundaheimili* at *félagsmiðstöð* na maging mas aktibo ang mga bata sa mga proyekto, palakasin ang kanilang social skills, mga kakayahan at kabuuang pagkatao.

Layunin din ng mga programang ito na makipagtulungan sa ibang pang mga asosasyon sa lungsod. Makikita dito ang karagdagang impormasyon, [www.fristund.is](#).



Pag-enroll sa Pamublikong paaralan ng Reykjavík

May [39 na pamublikong paaralan](#) ang lungsod ng Reykjavík. Maliban dito, mayroon ding [7 pribadong](#) mababang mga paaralan.

Ang pag-enroll sa paaralan at sa programa pagkatapos ng klase ay isinasagawa sa website ng lungsod ([Rafræn Reykjavík](#)). Para naman sa mga batang hindi pa naililipat ang legal na paninirahan sa Reykjavík at kung wala pa silang National Identity Number (kennitala) ay maaaring magpa-enroll sa mismong paaralan. Mag-email sa sfs@reykjavik.is para sa ibang impormasyon o tumawag sa 411 11 11.

Kung ang bata ay naka-enroll sa pribadong paaralan, special school o sa ibang bansa, kinakailangan din itong ipaalam. Magpadala ng mensahe sa sfs@reykjavik.is.

Kung ang bata ay nakatira sa Reykjavík ngunit nais pumasok sa paaralang nasa labas ng lungsod ay kinakailangang punan ang espesyal na [pahintulot para sa pag-enroll sa labas ng munisipalidad ng Reykjavík](#). Ito din ay matatagpuan sa website ng Departamento ng Edukasyon at Kabataan ng Reykjavík.

May [espesyal na plano ng pagtanggap](#) ang lungsod ng Reykjavík para sa mga mag-aaral na taga-ibang bansa at bagong-lipat sa lungsod.

Mahalaga ang papel na ginagampananan ng paaralan para sa mga bata. Pinipili ng karamihan ng mga magulang ang paaralang nasa mismong distrito nila dahil malapit ito sa kanilang tirahan at dahil na din mas madali para sa mga bata na magkaroon ng kaibigan at kakilala sa kanilang lugar.

Magkakaiba ang pangangailangan ng mga mag-aaral sa paaralan

Isa sa importanteng ideyolohiya ng mga paaralan sa Reykjavík ay ang pagiging *inclusive* o bukas sa lahat at walang diskriminasyon. Adhikain nitong maghandog ng maayos na edukasyon para sa lahat. Nararapat na may respeto sa pagkakaiba-iba at samo't-saring mga pangangailangan, kakayahan at katangian ng mga bata. Iwinawaksi din ang diskriminasyon at paghihiwa-hiwalay sa mga paaralan (Pambansang Kurikulum ng Iceland para sa Mababang Paaralan, 2011).

Kooperasyon ng mga paaralan at magulang tungkol sa edukasyon at kapakanan ng bata

Mahalaga para sa mga paaralan na maitaguyod ang maayos na ugnayan at kooperasyon ng mga magulang para sa kapakanan ng bata. Base sa mga pananaliksik, ang pinakamahalagang kadahilanan ng tagumpay sa pag-aaral ng bata ay ang interes at suporta ng mga magulang kasabay na rin ng mga hangarin nila para sa mga anak. Kung kaya't hinihikayat ng mga paaralan ang partisipasyon ng mga magulang sa pag-aaral ng kanilang anak at punan ang indibidwal nilang pangangailangan. Mabisang naitataguyod ang kapakanan ng bata kung maayos ang ugnayan ng magulang at paaralan, lalo na kung may tiwala at respeto sila sa isa't-isa. Lahat ng kawani ng paaralan ay pinangangalagaan ang kapakanan at kaligtasan ng mga bata para sa kanilang pag-aaral.

Isinusulong ng mga kawani ng paaralan ang positibong pamamalakad at kapaligiran sa lahat ng mga aktibidades ng paaralan.

Sa [Foreldrarvefurinn](#) o website para sa magulang matatagpuan ang mga impormasyon at praktikal na payo para sa magulang kung papaano nila masusuportahan ang tagumpay ng anak sa pag-aaral.

Mga Responsibilidad, Karapatan at Obligasyon ng mga Magulang

Ang mga magulang ng mag-aaral sa elementarya ay may responsibilidad na mai-enroll ang anak at sa pagpasok nito sa paaralan.

Responsable din ang mga magulang sa pagpapalaki sa anak. Kung kaya't magkatuwang ang magulang at anak sa responsibilidad tungkol sa pag-uugali at pakikitungo ng bata sa iba pang mga bata at kawani ng paaralan. Kapag ang bata ay may masamang asal sa paaralan, obligado ang mga magulang na umaksyon kaugnay sa mga sanhi at bunga ng mga pangyayaring iyon.

Obligasyon ng mga magulang ang pag-aaruga sa anak at ang pagpukaw sa kanilang interes na mag-aral.

Kinakailangang alalayan ng mga magulang ang kanilang anak sa progreso nito sa pag-aaral. Binibigyan ng pagkakataon ang mga magulang na makilahok sa pag-aaral ng kanilang anak katuwang ng kanilang mga guro at punongguro.

Obligasyon din ng mga magulang na ipag-paalam sa paaralan ang mga bagay na nakaka-apekto sa pag-aaral ng kanilang anak tulad ng pagpasok, asal, kalungkutan, trauma o iba pang mga pagbabago sa kanilang sitwasyon.

Responsibilidad din ng mga magulang na humanap ng mga solusyon sa problema katuwang ng paaralan, espesyalista at mga kawani ng lokal na ahensya ng edukasyon kung may negatibong pagbabago sa ugali at asal ng kanilang anak.

Ang mga magulang at kanilang anak ang siyang may responsibilidad sa pagproseso ng bawat isyu, ngunit kung sa tingin nila ay lumalabag sa batas at hindi na mapapagkatiwalaan ang paaralan, kinakailangan nilang sumangguni sa pribadong tanggapan ([Artikulo blg. 5](#) ng Patakaran ukol sa tungkulin at obligasyon ng pamayanan ng paaralan sa elementarya).

Mga Impormasyon

Karaniwang ipinapa-alam ng paaralan sa mga magulang ang impormasyon tungkol sa anak sa pamamagitan ng website, e-mail, telepono, o mga panayam, na isinasagawa nang dalawang beses kada taon. [Narito ang payo sa mga magulang tungkol sa mga panayam](#). Mahalaga din para sa mga paaaralan na ipagbigay-alam sa kanila ng mga magulang ang mga importanteng impormasyon tungkol sa mga bata.

Kadalasan ding inaanyayahan ang mga magulang sa mga presentasyon at kaganapan sa paaralan na handog ng Asosasyon ng mga Magulang. Inaasahang malaman ng mga magulang ang mga pangyayari sa paaralan ng kanilang anak at planuhin ang pagbisita sa paaralan kasama ang guro ng bata. Maaaring magpatawag din ng interpreter o tagasalin kung nais ng mga magulang. Pero kinakailangang magtulungan ang mga magulang at paaralan kung ano ang pinakamabisang paraan ng komunikasyon.

Obligado ang lahat ng kawani ng paaralan na panatilihin kumpidensyal ang mga impormasyon o nasaksihang mga pangyayari tungkol sa bata at kanilang magulang. Ito ay alinsunod sa batas, patakaran mula sa mga punongguro, at dahil sa uri ng pangyayari. Kasabay nito ay inaasahang irerespeto din ng magulang ang kumpidensyal na impormasyon sa loob ng paaralan at ipinagbabawal na ikalat sa iba ang mga pangyayari o sitwasyon ng ibang mga bata.

Asosasyon ng mga Magulang at Konseho ng Paaralan

Sa bawat paaralan ay may [Asosasyon ng mga Magulang at Konseho ng Paaralan](#). Lahat ng mga magulang ay miyembro nito at maaaring inomina ang sarili sa pamamahala dito. Sa pamphlet o polyetong [Stoðir í skólasterfi](#) (*Haligi ng Edukasyon*) nakasaad ang mga impormasyon tungkol sa tungkulin at obligasyon ng mga Asosasyon ng mga magulang at Konseho ng Paaralan.

Ang mga magulang ng bawat baitang o grupo ng mag-aaral ay pumipili din ng kinatawan ng klase o [bekkjafulltrúi](#). Layunin nila na maging lider ng grupo ng mga magulang sa klase at maging tagapamuno sa kapwa nilang mga magulang.

Isang kinatawan ng [SAMFOK](#) o Samahan ng mga Asosasyon ng mga Magulang sa Reykjavík ang kasali sa mga pulong ng Konseho ng Edukasyon sa Reykjavík.

Konseho ng Edukason sa Reykjavík

Ang *Skóla- og frístundaráð* ang konseho na siyang gumagawa ng mga patakaran o policy tungkol sa isyung pang-edukasyon at aliwang-pambata sa Reykjavik. Sila din ang gumagawa ng desisyon at panukala sa Konseho ng Lungsod tungkol sa mga paksang saklob nito. Sila din ang nangangasiwa ng superbisyon sa pagpapatupad ng mga policy na pang-edukasyon at aliwang-pambata sa lungsod. Kabilang rin ang paninigurado sa kalidad ng mga implementasyon hinggil dito. Ito ay alinsunod sa Batas ukol sa Obligatoryong Paaralan blg. 66/1995.

Mga Asignatura – Larangan ng pag-aaral	Baitang 1 – 4	Baitang 5 – 7	Baitang 8 – 10	Lingguhang oras ng pagtuturo	Lingguhang oras ng pagtuturo
	Pangkalahatang oras sa Baitang 1 – 4 Minuto kada linggo	Pangkalahatang oras sa Baitang 5 – 7 Minuto kada linggo	Pangkalahatang oras sa Baitang 8 – 10 Minuto kada linggo	Pangkalahatang oras sa Baitang 1 – 10 Minuto kada linggo	Porsyento
Icelandic, Icelandic bilang ikalawang wika, Icelandic sign language	1,120	680	630	2,430	18.08%
Banyagang wika: Ingles, Danish at iba pang wikang Nordiko	80	460	840	1,380	10.27%
Disenyo, sining at mga kasanayang pansining	900	840	340	2,080	15.48%
Mga asignaturang pang-Agham	420	340	360	1,120	8.33%
Edukasyong Pisikal	480	360	360	1,200	8.93%
Araling Panlipunan: Relihiyon, Kasanayan sa buhay, Pagkakapantay-pantay, Etika	580	600	360	1,540	11.46%
Matematika	800	600	600	2,000	14.88%
Teknolohiya ng Impormasyon at Komunikasyon	120	160	80	360	2.68%
Mga asignaturang elektibo	300	160	870	1,330	9.90%
Lahat	4,800	4,200	4,400	13,440	100%

Wikang Kinagisnan at Icelandic

Ang wastong kaalaman sa wikang kinagisnan at Icelandic ay parehong kayamanan para sa indibidwal at sa lipunan, kayamanang kailangang pagyamananin at ipagmalaki. Ayon sa mga eksperto, ang kaalaman ng bata sa wikang kinagisnan nito ay may mahalagang papel lalo na sa edukasyon at sa ikauunlad ng bata. Ayon sa kanila, ang matibay na pundasyon ng bata sa wikang kinagisnan ang siyang magsusulong sa pagkatuto nito ng ikalawang wika. Ayon din sa kanila, kapag nirerespeto at positibo ang pananaw ng bata sa wikang kinagisnan ay may positibong epekto din ito sa pagkatao ng bata at sa sariling kakayahan nito. Base sa mga pagsusuri at pananaliksik, ang aktibong bilinggwalismo o *virkt tvítýngi* ang pinakamainam para sa edukasyon at buhay ng mga bata. Ang ibig nitong sabihin ay dumadagdag ang kaalaman nila kung ang bagong wika ay pangkaragdagan imbis na pang-palit sa wikang kinagisnan nila. Ang aktibong bilinggwalismo ay may positibong epekto sa pag-aaral ng bata. Samantala, negatibo naman ang epekto sa pagkatao ng bata kapag ang ipinagpalit nito ang wikang Icelandic sa wikang kinagisnan o *málskipti*. Ang kaalaman ng bata sa wikang kinagisnan ang siyang susi sa pag-aaral ng bagong wika at mahalaga din ito para sa ikauunlad ng kaalaman ng bata sa iba pang mga kasanayan. Makikita dito ang iba pang mga detalye: [Heimurinn er hér](#) (Narito ang daigdig).

